

Joy B, Gatchalian pasisiglahin ang larong soccer sa bansa

Magkasamang pasisiglahin ng lungsod Quezon at Valenzuela City ang pagsasanay sa mga kabataan na magpamalas ng galing sa larong soccer upang makipagkumpetisyon sa ibang bansa.

Sa press conference sa QC Library kahapon, sinabi ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na magkatulong ang QC at ang Valenzuela sa pamamagitan ni City Mayor Rex Gatchalian sa pag-develop ng galing ng mga kabataan sa paglalaro ng soccer.

Sinabi ni Belmonte na hindi nabibigyan ng prayoridad na palakasin ang larong soccer sa bansa pero mangunguna na ang QC at ang Valenzuela sa pagkakaloob ng tulong upang makapagsasanay ang mga kabataan nito at tuloy dito magmumula ang mga manlalaro ng Pilipinas sa soccer sa buong mundo.

“Hindi lamang moral ang tulong namin dito kundi kami ay magbibigay ng financial assistance sa mga manlalaro upang sila ay makapag-training at higit na ma-develop ang

kanilang galing sa paglalaro ng soccer” sabi pa ni Belmonte.

“Dahil wala namang facilities sa QC ay naglaan po ang Sangguniang Panlungsod ng P800 milyon para sa Bautista Sports Arena na itatayo sa aayusing Amoranto Complex at inaasahan ko po na dito ay magkakaroon na ng football area para sa ating mga manlalaro”, dagdag ni Belmonte.

Sa kanyang panig, sinabi ni Dan Palami, manager ng team Askals na siya ay umaasa na sa mga darating na panahon ay hindi na dedepende ang grupo sa pagkuha ng mga player sa abroad bagkus ay dedepende na siya sa mga Pilipinong manlalaro na sasagupa sa alinmang international football meet

Sinabi rin ni Belmonte na supportive naman ang QC Division of City Schools sa hangarin ng lokal na pamahalaan na maipalaganap ang larong soccer sa mga kabataang mag aaral sa mga paaralan sa QC. *(Angie dela Cruz)*